5

# Music

# Talaan ng mga Gawain

(Unang Kwarter)

Department of Education
June 2016

**RHYTHM**

Aralin 1

# MGA *NOTE* AT *REST*

**Layunin** Natutukoy ang iba't ibang *note* at *rest* na nakapaloob sa isang awitin sa pamamagitan ng pagbabasa at pakikinig

**Panimula**

Ang *rhythm* ay elemento ng musika na tumutukoy sa haba o ikli ng mga tunog. Ito'y maaaring maramdaman, may tunog man o wala. Ang mga tunog ay maaaring regular o di-regular.

Sa musika, ang *rhythm* ay iba't ibang uri ng *note* at *rest* na may kaukulang halaga (*value/duration*) o bilang ng kumpas. Ang *note* ay nagpapahiwatig ng tunog habang ang *rest* ay nagpapahiwatig ng katahimikan. May mga simbolong ginagamit upang ipahayag ito.

| ***Note*** | **Bilang ng *Beat*** | ***Rest*** |
|---|---|---|
| *whole note* 𝅝 | 4 | *whole rest* 𝄻 |
| *half note* 𝅗𝅥 | 2 | *half rest* 𝄼 |
| *quarter note* ♩ | 1 | *quarter rest* 𝄽 |
| *eighth note* ♪ | ½ | *eighth note* 𝄾 |
| *dotted quarter note* ♩. | 1 ½ | *dotted quarter rest* 𝄽. |
| *dotted half note* 𝅗𝅥. | 3 | *dotted half rest* 𝄼. |

Pag-aralan ang awitin.

## Tao, Tao Po

Tagalog Folk Song




1. Ano-ano ang mga *note* at *rest* na nakapaloob sa awitin? Ibigay ang bilang o halaga ng mga ito.
2. Itapik ang *rhythm* ayon sa halaga o bilang ng kumpas ng bawat *note* at *rest*.
3. Itapik ang *beat* ng awitin.

**Gawin Natin**

A. Isulat sa patlang ang wastong bilang ng kumpas ng sumusunod na *note* at *rest*.



_______ _______ _______ _______ _______



_______ _______ _______ _______ _______

B. Makinig sa pagtapik ng guro. Isulat ang uri ng note at rest na itinapik ng guro.

1. ____________________ 4. ____________________

2. ____________________ 5. ____________________

3. ____________________


**Subukan**

A. Isulat ang uri ng *note* sa awiting "Bumalaka ay Buwan".

1. 6.
2. 7.
3. 8.
4. 9.
5. 10.

B. Isulat ang bilang ng kumpas ng bawat *note* sa patlang.

## Bumalaka Ay Buwan




C. Awitin natin

## Bumalaka Ay Buwan

Awiting Bayan ng Benguet




Salin: Lumabas ka buwan, upang maaninag ang daanan,

Upang mapuntahan ko at makita ang kasintahan ko sa sadsadan.

recognizes rhythmic patterns using quarter note, half note, dotted half note, dotted quarter note, and eighth note in simple time signatures / **MU5RH-Ia-b-2**

**RHYTHM**


## Aralin 2
# *RHYTHMIC PATTERN*

**Layunin** Nakikilala ang *rhythmic pattern* na may *quarter note*, *half note*, *dotted quarter note*, *dotted half note* at *eighth note* sa isang payak na *time signature*.

**Panimula**


Ang *rhythmic pattern* ay ang pinagsama-samang mga *note* at *rest* na binubuo ayon sa nakasaad na *meter* o *time signature*.

Itapik ang *rhythmic pattern*.
Tukuyin ang uri ng *note* at *rest*.




**Gawin Natin**

Punan ng *note* ang guhit upang mabuo ang sumusunod na *rhythmic pattern*.



recognizes rhythmic patterns using quarter note, half note, dotted half note, dotted quarter note, and eighth note in simple time signatures / **MU5RH-Ia-b-2**


Punan ng *rest* ang guhit upang mabuo ang sumusunod na *rhythmic pattern*.




**Subukan**

A. Lagyan ng *bar line* ang sumusunod na serye ng mga *note* at *rest* upang makabuo ng *rhythmic pattern*.


1. 

2. 


3. 


B. Punan ang patlang ng *note* o *rest* at isulat ang tamang *time signature*.


***NOTE*** ***REST***

_____ 1. 

_____ 2. 

_____ 3. 

_____ 4. 

_____ 5. 

identifies accurately the duration of notes and rests in $\frac{2}{4}, \frac{3}{4}, \frac{4}{4}$ time signatures
**MU5RH-Ic-e-3**

**RHYTHM**

Aralin 3


# $\frac{2}{4}$ *TIME SIGNATURE*

**Layunin** Natutukoy ang tamang bilang ng mga *note* at *rest* ayon sa *time signature* na $\frac{2}{4}$

**Panimula**

Ang mga *rhythmic pattern* ay napapangkat sa dalawahan, tatluhan at apatan. Ang pangkat na dalawahan ay may dalawang bilang ng kumpas sa isang *measure*.


**2** - **dalawang kumpas sa bawat sukat**
**4** - **quarter note ay tumatatanggap ng 1 kumpas**




Awitin at ikumpas.

## Bagbagto

Folk Song from Benguet




Ano ang mga uri ng *note* na makikita sa awitin?
Ilang *measure* mayroon ang bawat linya?

identifies accurately the duration of notes and rests in $\frac{2}{4}, \frac{3}{4}, \frac{4}{4}$ time signatures
**MU5RH-Ic-e-3**

## Gawin Natin

Lumikha ng mga *rhythmic pattern* gamit ang iba't ibang uri ng *note* at *rest* sa $\frac{2}{4}$ time signature.

**1.** | | | |

**2.** | | | |

**3.** | | | |

## Subukan

Pumili sa sumusunod na awiting bayan. Ikumpas ito habang inaawit.

1. Sitsiritsit
2. Tao, Tao Po
3. Leron, Leron Sinta
4. Bagbagto
5. Lupang Hinirang

identifies accurately the duration of notes and rests in $\frac{2}{4}, \frac{3}{4}, \frac{4}{4}$ time signatures
**MU5RH-Ic-e-3**

**RHYTHM**


Aralin 4

# $\frac{3}{4}$ *TIME SIGNATURE*


**Layunin** Natutukoy ang tamang bilang ng mga *note* at *rest* ayon sa *time signature* na $\frac{3}{4}$

**Panimula**

Ang $\frac{3}{4}$ *time signature* ay nagsasaad na may tatlong kumpas sa bawat *measure* at ang *quarter note* ay ang tumatanggap ng isang kumpas.




3 - tatlong kumpas sa bawat sukat
4 - quarter note ay tumatatanggap ng 1 kumpas




Kapag ipinapalapak ang kumpas, mas malakas nang kaunti ang palakpak sa unang kumpas dahil ito ay may diin.

Maikikilos din ang *time signature* na $\frac{3}{4}$ sa pamamagitan ng pagsayaw ng balse (*waltz*), pagpalakpak, pagtugtog at iba pa.


**Gawain**

1. Awitin ang “Lubi - lubi” habang nagsasayaw ng balse.
2. Ipalakpak ang *beat* ng awitin.
3. Ikumpas ang awitin.

identifies accurately the duration of notes and rests in $\frac{2}{4}, \frac{3}{4}, \frac{4}{4}$ time signatures
**MU5RH-Ic-e-3**

# Lubi-Lubi

Awiting Bayan ng Bisaya




**Gawin Natin**
Awitin mo ang “Atin Cu Pung Singsing”, habang ipinapadyak ang *beat* ng awit.

**Subukan**
Lumikha ng *rhythmic pattern* sa $\frac{3}{4}$ *time signature* gamit ang iba’t ibang uri ng mga *note* at *rest*.

**1.** | | | |

**2.** | | | |

**3.** | | | |

identifies accurately the duration of notes and rests in $\frac{2}{4}, \frac{3}{4}, \frac{4}{4}$ time signatures
**MU5RH-Ic-e-3**

**RHYTHM**


Aralin 5

# $\frac{4}{4}$ *TIME SIGNATURE*


**Layunin** Natutukoy ang tamang bilang ng mga *note* at *rest* ayon sa *time signature* na $\frac{4}{4}$

**Panimula**

Ang *time signature* na $\frac{4}{4}$ ay may apat na kumpas sa bawat *measure* at ang *quarter note* ( ♩ ) ay tumatanggap ng isang kumpas. Ito ay may diin (*accent*) sa unang kumpas.




4 - apat na kumpas sa bawat sukat
4 - quarter note ay tumatatanggap ng 1 kumpas




Awitin.

## Si Filemon

Awiting Bayan ng Cebu



identifies accurately the duration of notes and rests in $\frac{2}{4}, \frac{3}{4}, \frac{4}{4}$ time signatures
**MU5RH-Ic-e-3**

Ano ang palakumpasan ng awitin?
Saang bayan ito nagmula?
Ano ang kuwento ng awitin?
Itapik ang pulso ng awitin.

Tukuyin ang uri ng mga *note* at *rest* na ginamit.

**Gawin Natin**

Ikumpas ang awiting "Si Felimon" habang inaawit ito.
Lumikha ng kilos o galaw na angkop sa awitin.

**Subukan**

Pakinggan ang sumusunod na awitin. Lagyan ng tsek ( / ) sa guhit kung ang awitin ay nasa $\frac{4}{4}$ *time signature*.

_____ 1.  Pilipinas Kong Mahal

_____ 2. Bahay Kubo

_____ 3. Sitsiritsit

_____ 4. Si Filemon

_____ 5. Twinkle, Twinkle Little Star

creates different rhythmic patterns using notes and rests in time signatures as $\frac{2}{4}, \frac{3}{4}, \frac{4}{4}$
**MU5RH-If-g-4**

**RHYTHM**

Aralin 6

# ***RHYTHMIC PATTERN sa*** $\frac{2}{4}$

**Layunin** Nakalilikha ng mga *rhythmic pattern* gamit ang iba't ibang note at rest sa time signature na $\frac{2}{4}$

**Panimula**

Ang *rhythmic pattern* ay binubuo ng mga *measure* na nilalagyan ng iba't ibang *note* at *rest* na naaayon sa nakasaad na *time signature*. Ang dami ng *measure* ay nababatay sa haba o ikli ng awitin.

Buuin ang mga na *rhythmic pattern* sa pamamagitan ng paglalagay ng mga *note* at *rest*.




**Gawin Natin**

Lagyan ng guhit panghati (*bar line*) ang sumusunod upang makabuo ng mga *measure* sa *rhythmic pattern* na $\frac{2}{4}$



**Subukan**

Gumawa ng *rhythmic pattern* para sa sumusunod na palakumpasan.



creates different rhythmic patterns using notes and rests in time signatures as $\frac{2}{4}, \frac{3}{4}, \frac{4}{4}$
**MU5RH-If-g-4**

**RHYTHM**

Aralin 7


# *RHYTHMIC PATTERN sa* $\frac{3}{4}$

**Layunin** Nakalilikha ng mga *rhythmic pattern* gamit ang iba't ibang *note* at *rest* sa *time signature* na $\frac{3}{4}$

**Panimula**


Ang mga *note* at *rest* ay may kaukulang halaga na nakatutulong sa pagbuo ng mga *rhythmic pattern*. Kaugnay nito ang *time signature* na pinagbabatayan ng wastong paglalagay ng mga *note* at *rest*.

Punan ng *note* ang bawat patlang na naaayon sa *time signature*.



**Gawin Natin**

Buuin ang mga *rhythmic pattern*.



**Subukan**

Pag-aralan ang awit.
Ipakita ang tamang pagkakahati ng mga rhythmic patterns sa pamamagitan ng paglalagay ng bar lines na naaayon sa time signature.

## Early to Bed

A. F. Brown | Katutubong Awiting Ingles



creates different rhythmic patterns using notes and rests in time signatures as $\frac{2}{4}$, $\frac{3}{4}$, $\frac{4}{4}$
**MU5RH-If-g-4**

**RHYTHM**

Aralin 8

## *RHYTHMIC PATTERN sa* $\frac{4}{4}$

**Layunin** Nakalilikha ng mga *rhythmic pattern* gamit ang iba't ibang *note* at *rest* sa *time signature* na $\frac{4}{4}$

**Panimula**

Ang paglikha ng *rhythmic pattern* ay naaayon sa *time signature*.

Itapik ang rhythm ng awitin.



creates different rhythmic patterns using notes and rests in time signatures as $\frac{2}{4}$, $\frac{3}{4}$, $\frac{4}{4}$
**MU5RH-If-g-4**

**Gawin Natin**

Ilagay ang mga nawawalang *note* at *rest* upang mabuo ang mga *rhythmic pattern* ng awitin.





**Subukan**

Lumikha ng *rhythmic pattern* sa palakumpasang $\frac{4}{4}$.

Lapatan ito ng akmang titk (*lyrics*) upang makabuo ng *jingle / yell.*

Halimbawa ng rhythmic pattern:



____ __ __ ____ ____ __ __ __ __ ____

Halimbawa ng *lyrics*:

Ta - yo'y tu - ma wa, ha - ha ha - ha ha!

responds to metric pulses of music heard with appropriate conducting gestures / **MU5RH-Ih-5**

**RHYTHM**

Aralin 9

# *CONDUCTING GESTURES*

**Layunin** Naisasagawa ang tamang pagkumpas gamit ang iba't ibang meter

**Panimula**

Pag-aralan ang mga paraan ng pagkumpas.


$\frac{2}{4}$ May dalawang *beat* sa isang *measure* at bawat *quarter note* ay tumatanggap ng isang *beat*.

(*duple meter*)











$\frac{3}{4}$ May tatlong *beat* sa isang *measure* at bawat *quarter note* ay tumatanggap ng isang *beat*.

(*triple meter*)












$\frac{4}{4}$ May apat na *beat* sa isang *measure* at bawat *quarter note* ay tumatanggap ng isang *beat*.

(*quadruple meter*)



Awitin at ikumpas.

## Tao, Tao Po

Tagalog Folk Song





**Gawin Natin**

A. Awitin

## Will You Dance With Me?

T. Martinez

Mel Santos




B. Ikumpas

C. Lapatan ng kilos habang inaawit.

responds to metric pulses of music heard with appropriate conducting gestures / **MU5RH-Ih-5**

**Subukan**

Awitin at ikumpas.

# Do, Re, Mi

from The Sound of Music

